ISSN 0117-4428

# UGNAYAN

Tatlong Buwanang Lathalain ng Extension Services, Cavite State University, Indang, Cavite

TOMO XVII BILANG 4 OKTUBRE - DISYEMBRE 2019

## CvSU, tumanggap ng parangal mula sa DA-ATI IV-A

Tumanggap ng parangal mula sa Department of Agriculture - Agricultural Training Institute (DA-ATI) IV-A ang Cavite State University (CvSU) bilang "Aktibong Kaagapay na Pambansang Unibersidad" noong Disyembre 6 sa Sentrong Pasanayan ng ATI - Rehiyon IV-A, Barangay Lapidario, Lungsod ng Trece Martires.

Ang parangal ay ibinibigay ng nasabing institusyon tuwing ikatlong taon kasabay ng pagdiriwang ng "ATIng PARANGAL". Ang tema para sa 2019 ay "Nagkakaisang Pagkilos tungo sa Mas Mataas na Kalidad ng Paglilingkod sa Rehiyon ng CaLaBaRZon" bilang pagpapahalaga sa kontribusyon at patuloy na pakikipagtulungan ng iba't ibang institusyon (pribado at publiko) at upang higit na mapaunlad ang sektor ng agrikultura sa rehiyon.

Kasama rin sa tumanggap ng parangal ang Southern Tagalog Agriculture, Aquatic Resources Research, Development and Extension Consortium (STAARRDEC) Sundan sa p. 4




Sina Dr. Escobar, Dr. Novicio at Gng. Matel habang tumatanggap ng parangal kasama sina G. Manicad, Director Cosico at ibang opisyal ng ATI IV-A

## AGRITALK 2019, ipinagdiwang

Katuwang ang mga kawani ng Agriculture Training Institute (ATI) Rehiyon IV-A, ipinagdiwang ang AGRITALK 2019 noong Oktubre 29 sa SM City Dasmariñas, Cavite.

Sa pangunguna ni Gng. Marites Piamonte-Cosico, *Center Director* ng ATI IV-A, layunin ng AGRITALK na makapagbigay ng libreng seminar sa mga pribadong indibidwal o grupo na itinataguyod ang pamumuhay sa tulong ng agrikultura. Layunin din nito na magbigay ng inspirasyon at impormasyon tungkol sa mga makabagong teknolohiya ng pagsasaka.

Ilan sa mga inilunsad na programa ay ang mga sumusunod: *Beekeeping* (G. PJ De Castro); *Mushroom Processing* (Gng. Emma Tolentino); *Mushroom Production* (Gng. Maria Marilyn Gonzales); at *Square Foot Gardening* (G. Honorario Cervantes). Nakibahagi sa nasabing programa ang mga kawani ng Extension Services (ES) upang Sundan sa p. 2



Larawan ng mga nakilahok sa libreng seminar ng ATI-

### Mga Nilalaman

4th kwarter na pulong ng mga EC, isinagawa . . . 2
Paggawa ng mga produkto mula sa pinya, itinuro sa mga PWD ng Silang . . . 2
CvSU, lumahok sa TGP Summit 2019 . . 3
Ika-15 FITS center sa Cavite, pinasinayaan . . . 4
Dalawang pagsasanay ng proyektong SciCAT, isinakatuparan . . 5
CvSU Bee Program, inimbitahan sa DZMM Teleradyo . . . 6
ABAKADA, handog ng TED para sa OSY ng Silang . . . 6
146 estudyante, nagtapos sa SOA on livestock . . . 7
Kinatawan ng ES, nakipagpulong sa OBB . . . 7
Mga magsasaka sa Silang, nag-aral ng stingless beekeeping . . . 8
LSA, pormal ng inilunsad . . . 8
CvSU Bee Program, nanguna sa 32nd RSRDEH . . . 9
SPRINT, nagsagawa ng pagsasanay sa kaong sap tapping . . . 9
4th Regional ESP Council Meeting, isinagawa . . . 10
Mga ingat-yaman, sinanay sa paggamit ng kompyuter . . . 10
8,732 kalahok, dumalo sa 13 pagsasanay . . . 11

**MGA BALITA**

# 4th kwarter na pulong ng mga EC, isinagawa

Isinagawa ang pulong ng mga *extension coordinator* (EC) para sa ikaapat na kwarter nang 2019 sa pangunguna ni Dr. Lilibeth P. Novicio, direktor ng Extension Services (ES). Nakibahagi sa nasabing pagpupulong sina Gng. Lorna C. Matel, Gng. Bernadette S. Amparo at Bb. Julita M. Mojica (ES); Gng. Charlotte B. Carandang (CEIT); Gng. Sheryl S. Ersando (CEMDS); Gng. Evelyn P. Grueso (CED); Bb. Susan G. Tan (CCJ); G. Emmanuel R. Mago (CVMBS); Gng. Armina B. Pugay (Naic); G. Jonell V. Ocampo (Carmona); Gng. Alma G. De Fiesta (Cavite City); G. John Joseph P. Villa (Imus); at Gng. Zarah Jane R. Centeno (Silang).



*Pagpupulong ng mga EC para sa ikaapat na kwarter*

Layunin ng pulong ang pag-uulat ng mga proyektong pang-ekstensyon ng mga kolehiyo at kampus, pagpapasa ng mga dokumento na kailangan para sa *Institutional Sustainability Assessment* (ISA) *visit*, at pagbibigay ng kaukulang datos at impormasyon tungkol sa *impact assessment* ng kanilang mga programa. Ang pulong sa bawat kwarter ay nagbibigay ng pagkakataon sa mga miyembro na makapagbahagi ng kaalaman at mga suhestiyon tungo sa ikahuhusay ng mga programang pang-ekstensyon ng Unibersidad. *(PGCDucusin)*

## AGRITALK 2019 ... *mula sa p. 1*

magkaroon ng mga bagong kaalaman tungkol sa Agrikultura. Nakilahok din ang iba't ibang lokal na ahensya at organisasyon, partikular na ang mga FITS *Center* mula sa bayan ng Bacoor, Imus, Dasmariñas, Trece Martires, General Mariano Alvarez, Naic, Magallanes at Mendez sa pangunguna ng kanilang mga FITS *Manager*, *Municipal Agriculturist* at magsasaka mula sa mga bayan ng Cavite. *(PGCDucusin)*



*Mga kawani ng ES na nakibahagi sa AGRITALK 2019*

# Paggawa ng mga produkto mula sa pinya, itinuro sa mga PWD ng Silang

Patuloy ang pagkilos ng Department of Management (DOM) ng CVSU-Silang para sa programang pang-ekstensyon na "BEST of PINYABUHAY for 4KTM".

Layunin ng nasabing programa na magsagawa ng mga pagsasanay-pangkabuhayan partikular na sa pagbuo ng mga produkto mula sa pinya. Kalahok ang mga PWD o *persons with disabilities* mula sa Lalaan Uno, Silang, itinuro nina Bb. Maryann Itoc at Bb. Loida Ambulo sa mga kalahok ang paggawa ng pinyadonut. Naging lubos naman ang suporta ng mga lokal na opisyal na naging katuwang sa pagkakaroon ng mga kinakailangang materyales para sa pagsasanay na isinagawa sa Purok 3 ng nasabing barangay. *(ZJRCenteno)*



*Ang mga kalahok habang gumagawa ng pinyadonut*

## MGA BALITANG TGP

# CvSU, lumahok sa TGP *Summit* 2019

Lumahok ang Cavite State University (CvSU) sa ginanap na *Techno Gabay Program* (TGP) *Summit* 2019 kasama ang mga kinatawan ng 15 Farmers Information and Technology Services (FITS) Centers ng Cavite mula Nobyembre 21 hanggang 22 sa Batangas State University (BatStateU), Batangas City.

Ang taunang *summit* ay ipinagdiriwang ng Department of Agriculture - Agricultural Training Institute (DA-ATI) Rehiyon IV-A kasama ang *partner agencies* tulad ng CvSU, University of Rizal System (URS), Laguna State Polytechnic University (LSPU), Southern Luzon State University (SLSU), at BatStateU.

Sa ginanap na programa na may temang, "Makabagong Teknolohiya sa Pagsasaka, Kahandaan sa Pagbabago ng Klima", nagbigay ng kani-kanilang mensahe sina Gob. Hermilando "Dodo" Ingco Mandanas ng Batangas, Gng. Marites Piamonte-Cosico, *Center Director* ng DA-ATI IV-A at Dr. Tirso A. Ronquillo, pangulo ng BatStateU. Kasabay nito ang paglagda ng *Memorandum of Agreement* (MOA) upang muling pagtibayin ang pagsasama ng DA-ATI, Office of the Provincial Government (OPG) Batangas City at OPG Cavite sa pagpapatupad ng TGP.

Sa naturang pagtitipon, nagkaroon ng pagpupulong ng mga Magsasaka Syentista (MS), *Knowledge Sharing and Learning* (KSL), *Lecture on Farm Weather Services of* DOST - Philippine Atmospheric, Geophysical and Astronomical Services Administration (PAGASA), at eksibit ng iba't ibang teknolohiya ng mga MS at mga produkto mula sa Cavite, Laguna, Batangas, Rizal at Quezon. Kasama sa *booth* ng OPA-Cavite ang mga teknolohiya at produkto mula sa FITS Centers ng Maragondon, Imus, Dasmarinas, Tanza, Amadeo, Naic, Mendez, Bacoor, Magallanes, Indang, Alfonso, Gen. Aguinaldo (Bailen), Gen. Mariano Alvarez at Gen. Trias City. Mayroon ding *Farmers' Forum* kung saan nagbahagi ang ilang mga MS ng kanilang natatanging kasanayan at kaalaman sa pagsasaka.

Sa huling araw, naglahad ng kani-kanilang *accomplishment* sa taong 2019 ang mga TGP *focal person* ng *partner agencies.* Iginawad din ang parangal para sa "Natatanging Magsasaka Syentista" at "Natatanging FITS Center". Nagwagi ang FITS Imus ng *"Best FITS Center Accomplishment Poster"* habang tumanggap naman ng parangal ang FITS Bacoor bilang isa sa mga nominado sa *"Best FITS Center"*. *(LCMatel)*








*Si Gob. Mandanas kasama sina Dir. Cosico, Dr. Maningas at Gng. Matel sa pagbubukas ng exhibit (kaliwa), exhibit booth ng FITS Cavite (gitna) at si Gng. Matel habang naglalahad ng accomplishment ng mga FITS Center ng Cavite (kanan)*










*Ang grupo ng Cavite na dumalo sa TGP Summit 2019 (kaliwa), "Best FITS Center Accomplishment Poster" mula sa FITS Imus (gitna), FITS Imus sa pangunguna ni Gng. Prescilda Igtiben (itaas-kanan) at FITS Bacoor sa pangunguna ni Allan Chua (ibaba-kanan)*

## MGA BALITANG TGP

# Ika-15 FITS Center sa Cavite, pinasinayaan

Pinasinayaan ang ika-15 Farmers Information and Technology Services (FITS) *Center* sa Cavite noong Nobyembre 18 sa City Agriculture Office (CAO) sa General Trias City na pinamumunuan ni Gng. Nerissa P. Marquez, *City Agriculturist*.

Ang FITS *Center* ay isang *one-stop-information shop* (OSIS) na kakikitaan ng mga mahahalagang impormasyon at makabagong teknolohiya sa agrikultura. Ito ay isa sa mga bahagi ng *Techno Gabay Program* (TGP) kasama ng Magsasaka Syentista (MS), *Information, Education and Communication* (IEC) *materials* at *Information and Communication Technology* (ICT).

Ang pagbubukas ng FITS sa Gen. Trias City ay kasagutan sa ginanap na oryentasyon noong Agosto 13 kasama si Kgg. Antonio A. Ferrer, alkalde ng lungsod, at sa isinagawang ebalwasyon sa CAO noong Nobyembre 11 sa pamumuno ni Gng. Lorna C. Matel, TGP *focal person* sa Cavite, kasama sina Bb. Editha B. Paglinawan, FITS OPA-Cavite *manager* at mga tauhan na sina Ellen Noel at Cynthia Perez.

Dumalo sa pasinaya ang mga opisyal ng Gen. Trias City at mga lider ng asosasyon ng *Sundan sa p. 5*



*Pinangunahan nina Mayor Ferrer at Gng. Matel ang pagbubukas ng FITS Gen. Trias*



*Sina Bb. Paglinawan, Gng. Cailo, Gng. Matel at Mayor Ferrer habang lumalagda sa MOA (gitna) at habang tinatanggap ni Mayor Ferrer ang pondo para sa FITS Gen. Trias*

## CvSU, tumanggap ... *mula sa p. 1*

na kinatawan ni Dr. Marilyn M. Escobar, *Consortium Director*. Kasama ni Dr. Lilibeth P. Novicio, direktor ng Extension Services, si Gng. Lorna C. Matel na tumanggap din ng Katibayan ng Pagkilala bilang "Natatanging Kaagapay – Techno Gabay Program (TGP)" sa Rehiyon IV-A dahil sa kanyang pagsisilbi bilang TGP *focal person* ng Cavite.

Sa kasalukuyan, ang 15 FITS *center* sa probinsya bilang bahagi ng Techno Gabay Program ay patuloy na nagpapalaganap ng impormasyon at teknolohiya ukol sa agrikultura. Ang mga nasabing FITS *center* ay matatagpuan sa Office of Provincial Agriculturist (OPA) Cavite, Maragondon, Imus City, Dasmariñas City, Tanza, Amadeo, Naic, Mendez, Bacoor City, Magallanes, Indang, Alfonso, Gen. Aguinaldo, Gen. Mariano Alvarez at Gen. Trias City.

Sa pamumuno nina Gng. Marites Piamonte-Cosico, *Center Director* ng DA-ATI IV-A, Gng. Mariel Celeste C. Dayanghirang, *Asst. Center Director*, Dr. Rolando V. Maningas, *Regional TGP focal person*, at iba pang kasama sa programa, naging matagumpay ang pagdaraos ng nasabing selebrasyon. *(LCMatel)*



*Si Dr. Novicio habang tumatanggap ng parangal para sa CvSU*

## MGA BALITA

# Dalawang pagsasanay ng proyektong SciCAT, isinakatuparan

Dalawang pagsasanay para sa ikalawang taong implementasyon ng SciCAT Project ang isinakatuparan sa Silan's Agrifarm na matatagpuan sa Brgy. Tambo Kulit, Indang, Cavite. Ang mga nabanggit na pagsasanay ay pinamagatang "Pagsasanay sa Pagpoproseso ng Papaya" at "Pag-aalaga ng *Stingless Bees*" na idinaos noong Nobyembre 29 at Disyembre 10 hanggang 11.

Umabot sa 80 ang kalahok sa mga pagsasanay na kinabibilangan ng mga nangangasiwa, mga manggagawa at magsasaka sa Silan's Agrifarm, mga interesadong residente ng Brgy. Tambo Kulit at karatig-barangay, iba pang mga *farm owner* at *entrepreneur*, at mga estudyante mula sa iba't ibang paaralan.

Nagsilbing tagapagsalita sa unang pagsasanay si Gng. Elvira B. Perlado, *Home Management Technician* ng Extension Services, samantalang magkatuwang na nagbigay ng lektura at demonstrasyon sina Gng. Michele T. Bono at G. Dickson N. Dimero sa pangalawa.

Isinagawa ang mga pagsasanay bilang tugon sa mga layunin ng proyektong SciCAT na bigyan ng kapasidad ang Silan's Agrifarm at iba pang kalahok sa mga bagong teknolohiya na mayroon ang Cavite State University (CvSU) at iba pang institusyon sa pananaliksik sa bansa.

Nakatakda ring isagawa ang "Pagsasanay sa Pag-aalaga ng *Native* na Kambing" at "*Drip Irrigation System"* sa mga darating na buwan bilang huling dalawang pagsasanay ng nabanggit na proyekto.

Ang SciCAT Project na pinamagatang "*Transforming Silan's Farm in Indang, Cavite into Science and Technology-based Convergence of Agriculture and Tourism"* ay isa sa mga proyekto na pinangugunahan ng Office of the Vice President for Research and Extension (OVPRE) sa ilalim ng pamumuno ni Dr. Ruel M. Mojica na tumatayong *Project Leader*. Isinakatuparan ito sa ilalim ng programa ng DOST-PCAARRD na *"Establishment of DOST-PCAARRD Science for the Convergence of Agriculture and Tourism".* *(BSAmparo)*



*Pagtuturo sa mga kalahok mula sa pag-aalaga ng stingless bees hanggang pagkuha ng pulot*

## Ika-15 FITS Center ... *mula sa p. 4*

mga magsasaka sa naturang siyudad tulad ni G. Braddy Guarin, pangulo ng *City Agriculture and Fisheries Council*. Nagbigay ng mensahe sina Mayor Ferrer, Vice Mayor Maurito C. Sison, Kons. Gary Grepo, namumuno sa agrikultura, at Gng. Marquez, CAO. Samantala, ipinakilala ni Gng. Matel, ang mga tauhan ng FITS center na sina Gng. Marquez, FITS *manager*, Nicole D. Satsatin, *Information Service Specialist* (ISS), at Christy P. Reyes at Henry Ambion, *Technology Service Specialists* (TSS) sa mga dumalo. Nilagdaan din ang *Memorandum of Agreement* (MOA) sa pagitan ng DA- ATI IV-A, *Office of Provincial Government* (OPG) ng Cavite at Cavite State University (CvSU).

Samantala, ipinaliwanag ni Gng. Janine L. Cailo, Information Officer II ng DA-ATI IV-A, ang TGP. Kalakip din sa programa ang pagbibigay ng DA-ATI ng pondo para sa operasyon ng FITS Gen. Trias. *(LCMatel)*



*Si Gng. Matel habang ipinakikilala ang mga tauhan ng FITS – Gen. Trias (itaas) at si Gng. Cailo habang ipinapaliwanag ang TGP*

## MGA BALITA

# CvSU *Bee Program*, inimbitahan sa DZMM Teleradyo

Inimbitahan sa programang Magsasaka TV ng DZMM Teleradyo noong Nobyembre 10 ang CvSU *Bee Program* sa pangunguna nina Gng. Michele T. Bono at G. Dickson N. Dimero. Naganap ang paunang panayam tungkol sa *beekeeping* sa CvSU Agri-Eco Tourism Park upang makabuo ng maikling dokumentaryo dito bago ang aktwal na pag-ere ng programa sa radyo.




*Mga kinatawan ng CvSU Bee Program habang kinakapanayam sa DZMM Teleradyo*




*Sina Gng. Bono at G. Dimero kasama ang mga host ng programa*

Ang Magsasaka TV na maririnig sa radyo tuwing Linggo ng umaga ay nakatuon sa industriya ng agrikultura sa bansa. Ipinalalabas din sa ibang bansa ang nasabing programa upang mas maipalaganap ang mga impormasyon sa pamamagitan ng *The Filipino Channel* (TFC) at *IWantTV* ng ABS-CBN.

Naging daan ang imbitasyon upang ipakilala nina Gng. Bono at G. Dimero ang programang pang-ekstensyon ng College of Arts and Sciences na pinamagatang *Community Adoption and Strengthening of the CvSU Bee Program* (CAS Bee). (*DNDimero)*

# ABAKADA, handog ng TED para sa mga OSY ng Silang

Bilang programang pang-ekstensyon sa ilalim ng College of Education – CvSU Silang Campus, inihandog ng mga guro at estudyante ng *Teacher Education Department* (TED) ang ABAKADA o Ang kaBAtaan ay KAyamanan DApat turuan sa mga *out-of-school youth* (OSY) ng Biga 1, Silang, Cavite.

Isinasagawa ang nasabing programa tuwing Huwebes at Biyernes bilang tugon sa paniniwalang ang karunungan ay isang makapangyarihang elemento sa paghubog sa mga komunidad.

Iba't ibang kasanayan at mga gawi, kasama na ang kabutihang-asal at pagpapahalaga, ang itinuturo sa mga kabataan at mga aktibidad tungkol sa iba't ibang leksyon sa Agham, Filipino, Matematika, Ingles at Edukasyong Pagpapakatao. *(ZJRCenteno)*



*Mga kalahok sa ABAKADA sa Silang*







*Mga guro ng TED sa CvSU-Silang habang nagtuturo sa mga OSY*

## MGA BALITA

# 146 estudyante, nagtapos sa SOA *on Livestock*

Sa pagtatapos ng programang *School on the Air* (SOA) *on Livestock* noong Nobyembre 14, may kabuuang 146 na estudyante ang matagumpay na naging bahagi ng nasabing programa ng ATI IV-A. Mula sa mga lumahok na estudyante ng Cavite State University (CvSU) *Main Campus* na kumukuha ng kurso sa agrikulltura, 10 ang kinilala bilang *Top Learners*.

Ginawaran din ng sertipiko ng pagpapahalaga ang mga SUC *Program Partner* mula sa College of Agriculture, Food, Environment and Natural Resources (CAFENR) sa pangunguna ni Dr. Analita dM. Magsino, dekana, at mga kaagapay na sina Dr. Irvin Matel, G. Jessie Perlado and Gng. Marnelle Tablatin. Naging katuwang din sa nasabing programa ang Extension Services sa pangunguna ni Dr. Lilibeth P. Novicio, Direktor, na nagbahagi ng inpirasyon at pagpupugay sa mga estudyanteng nagsipagtapos. *(PGCDucusin)*




*Sina Dr. Novicio, Gng. Dayanghirang at Dr. Maningas kasama ang top learners ng programa*



*Mgs estudyanteng kalahok sa SOA*




*Mga kawani ng CvSU at ATI-CALABARZON na magkaagapay sa pagtatapos ng SOA on Livestock*

# Kinatawan ng ES, nakipagpulong sa OBB



*Si Bb. Batino ng OBB habang nakikipagpulong kay Kap. Borja ng Brgy Buho at mga kinatawan ng CvSU-ES sa pamumuno ni Dr. Lilibeth P. Novicio*

Pormal na nakipagpulong ang mga kinatawan ng Extension Services (ES) sa pangunguna ni Dr. Lilibeth P. Novicio, direktor ng ES, sa mga opisyal ng OBB Institute of Learning, Inc. sa Buho, Amadeo, Cavite noong Disyembre 18. Tinalakay sa nasabing pagpupulong ang posibilidad na pakikipag-ugnayan ng dalawang paaralan kasama ang Brgy. Buho sa larangan ng agrikultura, gayundin ang nilalaman ng *Memorandum of Understanding* (MOU).

Dumalo bilang kinatawan ng OBB Institute of Learning Inc. ang kanilang punong guro na si Bb. Mariechelle M. Batino at si Kgg. Regalado Borja, Kapitan ng Brgy. Buho. Matapos pag-aralan ang MOU, inaasahan ang pormal na paglagda rito nang may konsiderasyon sa komento ng bawat isa. (*JFErsando)*

## MGA BALITA

# Mga magsasaka sa Silang, nag-aral ng *stingless beekeeping*

Lumahok ang 30 magsasaka ng Silang, Cavite sa isang pagsasanay na pinamagatang *"BEEyond the Hive: Introduction to Beekeeping"* sa Silang, Cavite *nursery* mula Nobyembre 13 hanggang 14.

Naisakatuparan ang nasabing pagsasanay sa pagtutulungan ng Extension Services (ES), CvSU *Bee Program* (CAS Bee) at pamahalaang bayan ng Silang.

Nagsilbing mga tagapagturo sina Gng. Michele T. Bono at G. Dickson N. Dimero sa mga sumusunod na paksa: *Bee Biology, Beekeeping Issues, Economics of Beekeeping and Bee Products; Rearing of Bees;* at *Stingless Beekeeping*. Bukod sa talakayan, naging bahagi rin ng ikalawang araw ang *hands-on* na mga gawain sa pagsusuri sa mga tahanan ng bubuyog at pangunguha ng pulot ng mga ito.

Bilang suporta, nagbigay ng 15 libong piso ang pamahalaan ng Silang sa pamamagitan ng Municipal Agriculture Office upang makabili ng mga kolonya ng bubuyog na ipamamahagi sa mga magsasaka.

Kasama rin sa nasabing gawain sina Dr.Lilibeth P. Novicio, Direktor ng ES, at mga kawani na sina Gng. Lorna C. Matel, Gng. Bernadette S. Amparo and Gng. Razelle A. Astudillo. *(DNDimero)*



*Ang mga magsasaka ng Silang habang nakikinig sa itinuturo ni G. Dimero*

# LSA, pormal na inilunsad

Pormal na inilunsad ang *Learning Site for Agriculture* (LSA) sa Technology Demonstration Farm ng Cavite State University (CvSU) noong Nobyembre 14 sa pakikipag-ugnayan ng Agricultural Training Institute Rehiyon IV-A (ATI IV-A). Dinaluhan ang nasabing paglulunsad ng mga kinatawan ng ATI IV-A sa pangunguna ni Gng. Mariel Celeste Dayanghirang, *Assistant Center Director*, G. Ric Jayson Arreza, *Development Management Officer I* at mga kasama, samantalang ang CvSU ay kinatawan ni Dr. Ruel M. Mojica, Bise Presidente ng Research and Extension, Dr. Lilibeth P. Novicio, Direktor ng Extension Services, at mga kawani ng ES.

Layunin ng LSA na mapabuti ang kapasidad ng mga maliliit na magsasaka at iba pang kasapi ng komunidad sa larangan ng pagsasaka. Sa kasalukuyan ay mayroon ng mahigit kumulang na 300 LSA sa buong Pilipinas.

Bago ang paglulunsad ay nagkaroon ng pormal na paglagda ng *Memorandum of Agreement* (MOA) sa pagitan ng mga kinatawan ng ATI IV-A at CvSU. (*JFErsando)*




*Ang mga kinatawan ng ATI at CvSU habang nilalagdaan ang MOA para sa LSA*




*Pormal na paglulunsad ng LSA kasama ang mga kinatawan ng ATI IV-A at CvSU*

## MGA BALITA

# CvSU *Bee Program*, nanguna sa 32*nd* RSRDEH

Itinanghal na *Best Extension Paper* ang *"Community Adoption and Strengthening of the CvSU Bee Program (CAS Bee)"* nina Gng. Michele T. Bono at G. Dickson N. Dimero ng Cavite State University (CvSU) sa ginanap na *32nd Regional Symposium on Research, Development and Extension Highlights* (RSRDEH) ng Southern Tagalog Agriculture, Aquatic and Resources Research, Development and Extension Consortium (STAARRDEC) noong Oktubre 10 at 11 sa Boac, Marinduque.

Sa isinagawang programa na may temang *"Science, Technology and Innovation: Enabling Commercialization and Global Competitiveness,"* nagbigay ng mensahe si Dr. Hernando D. Robles, presidente ng CvSU at bagong pinuno ng Regional Research and Development Coordinating Council (RRDCC) ng STAARRDEC. Nagsilbi namang pangunahing tagapagsalita si Ms. Cherrie D. Atilano, kinatawan ng Scaling Up Nutrition (SUN) Movement ng United Nations, presidente, *Chief Executive Officer* (CEO) at nagtatag ng AGREA Farm School. Ipinahayag ni Bb. Atilano ang kanyang interes na bumisita sa CvSU para sa posibleng kolaborasyon at hinikayat ang mga mananaliksik na ibahagi ang resulta ng kanilang mga pag-aaral para sa kapakinabangan ng komunidad at mapagtuunan ng pansin ang kahirapan at seguridad sa pagkain.

Ang Marinduque State College (MSC) ang naging punong abala sa ginanap na *symposium* katuwang ng STARRDEC. Samantala, dumalo rin ang mga kasaping ahensya tulad ng University of Rizal System (URS), Southern Luzon State University (SLSU), Forest Products Research and Development Institute (FPRDI), Bureau of Plant Industry – Los Baños National Crops Research, Development and Production Support Center (BPI-LBNCRDPSC), at Agricultural Training Institute IV-A (ATI IV-A). (*DNDimero*)




*Si Gng. Bono habang naglalahad ng CAS Bee*

# SPRINT, nagsagawa ng pagsasanay sa kaong *sap tapping*




*Mga tauhan ng SPRINT at mga miyembro ng MAWCO sa harapan ng opisina ng SPRINT Center*

Nagsagawa ang Sugar Palm Research, Information and Trade (SPRINT) Center kaagapay ang Extension Services (ES), College of Agriculture, Food Environment and Natural Resources (CAFENR), at Knowledge Management Center - Knowledge and Technology Transfer Office (KMC-KTTO) ng pagsasanay sa pagkuha ng katas ng kaong at pagpoproseso ng suka mula sa kaong noong Oktubre 9 sa Training Hall, Agri-Ecotourism Park Main Building, Cavite State University (CvSU), Indang, Cavite. Ito ay dinaluhan ng sampung miyembro ng Magallanes Women's Club Cooperative (MAWCO) na naglalayong maipagpatuloy ang negosyo ng kooperatiba at proyektong pangkabuhayan ng kanilang komunidad. Sa kasalukuyan, *Sundan sa p. 12*

## MGA BALITA

# *4th Regional* ESP *Council Meeting*, isinagawa

Isinagawa ng ATI IV-A ang Regional Extension Service Provider (ESP) Accreditation Advisory Council Meeting noong Nobyembre 21 sa Don Leon Nature Farm, Brgy. Poctol, San Juan, Batangas. Lumahok sa nasabing pagpupulong ang direktor ng Extension Services na si Dr. Lilibeth P. Novicio bilang bahagi ng komite ng mga akreditor at inspektor na nagbibigay ng balidasyon at komento sa mga pribadong ahensya ng agrikultura. Kasama niya sina Gng. Soledad Leal, Gng. Sherylou B. Cabuñag-Alfaro at G. Ric Jason Arrreza ng ATI IV-A, Gng. Eugenia Buctuanon ng Bureau of Plant Industry – Los Baños National Crops Research, Development and Production Support Center (BPI-LBNCRDPSC), at G. Pocholo Raymundo ng Rizal Provincial Agriculture Office. Ilan sa mga paksa na pinag-usapan ay ang sumusunod: Nirebisang *Implementing Rules and Regulations* (IRR) sa akreditasyon ng mga pribadong ESP; *Council Term Expiration*; rebyu ng mga panloob na polisiya; kalagayan at aplikasyon ng mga rehiyonal na pribadong ESP tulad ng ABF *Agribusiness Center, Moca Family Farm Learning Center, Flor's Garden & Nature Haven*, at Teofely *Nature Farms*. *(PGCDucusin)*




*Mga dumalo sa Regional ESP council meeting*

# Mga ingat-yaman, sinanay sa paggamit ng kompyuter



*Mga nagsanay sa paggamit ng kompyuter*

Inilunsad noong Oktubre 25 ang programang pang-ekstensyon ng Department of Information Technology (DIT) - Silang Campus na may pamagat na *"Reaching the Community through Empowerment on Office Productivity Tools Education of Barangay Officials."* Layunin nito na maturuan ng *computer applications* ang mga opisyal ng barangay ng Silang, Cavite. Naging kalahok sa programa ang 20 ingat-yaman ng mga barangay ng Silang kasama ang 15 guro mula sa nasabing departamento at 10 lider ng mga estudyante.

Sa unang pagsasanay, tinuruan sila sa paggamit ng *MS Excel* 2010 sa pangunguna nina G. Rodel Antang at G. Erwin Cahapin. Samantala, ang ikalawang pagsasanay ay isinagawa noong Nobyembre 8. Kabilang sa mga itinuro ay ang paggawa ng *poster* gamit ang MS *Publisher*, *word processing* gamit ang *MS Word* 2010 at pagdidisenyo ng mga presentasyon gamit ang *MS Powerpoint* 2010. Naging tagapagsalita sa mga nasabing paksa sina G. Feliciano Pamitan III, Bb. Rome Gaut at G. Sean Charlston Gono. Sa pagtatapos ng nasabing aktibidad, nagpasalamat si Bb. Angelica Granada, pangulo ng Asosasyon ng mga Ingat-Yaman sa Barangay at nagbigay ng pangwakas na pananalita si G. Brylle Samson, puno ng DIT.

Samantala, 70 porsyento ng mga kalahok ang nagbigay ng gradong *"Excellent"* sa pagsasanay habang 30 porsyento ang nagsabing ito ay *"Very Good"*, patunay na nakamit ng programa ang layunin nitong makapaglingkod sa mga naging bahagi ng pagsasanay. *(ZRCenteno)*

## MGA BALITA

# 8,732 kalahok, dumalo sa 13 pagsasanay

Kaagapay ang ibang mga ahensya at mga Farmers Information and Technology Services (FITS) Center sa Cavite, ang Extension Services (ES) ay nakibahagi sa pagsasagawa sa 13 pagsasanay na dinaluhan ng 8,732 kalahok. Kabilang sa mga nakilahok sa mga nasabing gawain ang mga estudyante, guro, magsasaka at iba pang residente ng Cavite, kasama na ang ilang mula sa mga kalapit na probinsya. Makikita sa ibaba ang talaan ng mga pagsasanay na isinagawa sa ikaapat na kwarter ng 2019.

| Titulo ng Pagsasanay | Petsa | Lugar ng Pagsasanay | Tagapagsanay | Bilang ng Nagsanay | Yunit na Namahala |
|---|---|---|---|---|---|
| Pagsasanay sa SNAP *Hydroponics* | Oktubre 3 | San Jose, Dasmariñas, Cavite | G. Eligio C. Borres<br>Guro, CEIT | 30 | CvSU-ES at FITS Dasmariñas |
| Pagsasanay sa Paggawa ng *Fruit Wine* | Oktubre 16 | Gen. Emilio Aguinaldo (Bailen), Cavite | Gng. Elvira B. Perlado<br>*Home Management Technician,* CvSU | 24 | CvSU-ES at FITS Bailen |
| Pagsasanay sa Pagpoproseso ng Isda | Oktubre 22 | CvSU Naic, Mabulo Annex, Naic, Cavite | Gng. Elsa B. Omipon<br>Guro, CvSU-Naic | 12 | CvSU-ES at FITS Dasmariñas |
| *Agritalk* 2019 | Oktubre 29 | SM Dasmariñas Event Hall | Iba't ibang mga Tagapagsalita | 373 | Dept. of Agriculture, FITS Centers at CvSU-ES |
| Pagsasanay sa *GIS and RS* | Nobyembre 6-7 | Agri-Eco Tourism Training Hall, CvSU, Indang, Cavite | Engr. Moises A. Dorado<br>Engr. Vincent G. Ballaran, Jr.<br>Engr. Leo Neil T. Viado | 50 | CvSU-ES at CAFENR |
| Pagsasanay na *BEEyond the HIVE: Introduction to Beekeeping* | Nobyembre 13-14 | Brgy. Iba, Silang, Cavite | Gng. Michele Bono at<br>G. Dickson Dimero<br>Mga Guro, CAS | 35 | Sci-CAT at CvSU-ES |
| *SAFER Cavite (Kick Off on Anti-Terrorism and Anti-Illegal Drugs Campaign)* | Nobyembre 22 | S.M. Rolle Hall, CvSU Indang, Cavite | Iba't ibang mga Tagapagsalita | 2822 | CCJ at CvSU-ES |
| *SAFER Cavite (Kick Off on Anti-Terrorism and Anti-Illegal Drugs Campaign)* | Nobyembre 23 | International Convention Center, CvSU Indang, Cavite | Iba't ibang mga Tagapagsalita | 3341 | CCJ at CvSU-ES |
| *27th National Children's Month* | Nobyembre 24 | University Quadrangle, Indang, Cavite | G. Jayson Maniacop<br>Guro, CED | 1269 | DSWD at CvSU-ES |
| Pagsasanay sa *Promoting Events/ Activities Through Social Media Platform* | Nobyembre 27 | CEIT Conference Hall, CvSU, Indang, Cavite | G. Arthur Lobigas<br>*Product Manager-Consumer and Retail BurstFax.com* | 37 | CvSU-ES |
| *SAFER Cavite (Kick Off on Anti-Terrorism and Anti-Illegal Drugs Campaign)* | Nobyembre 29 | CvSU Bacoor | Iba't ibang mga Tagapagsalita | 650 | CCJ at CvSU-ES |
| Pagsasanay sa Pagpoproseso ng Papaya | Nobyembre 29 | Silan's Agrifarm, Tambo Kulit, Indang, Cavite | Gng. Elvira B. Perlado<br>*Home Management Technician,* CvSU | 43 | Sci-CAT at CvSU-ES |
| Pagsasanay na *BEEyond the HIVE: Introduction to Beekeeping* | Disyembre 10-11 | Silan's Agrifarm, Tambo Kulit, Indang, Cavite | Gng. Michele Bono at<br>G. Dickson Dimero<br>Mga Guro, CAS | 46 | Sci-CAT at CvSU-ES |

Ang opisina ng ES ay laging bukas upang maglingkod at tumugon sa anumang kahilingan na pagsasanay. Maaaring subaybayan ang mga kaganapan sa *Facebook page* ng opisina, *Cavite State University – Extension Services Center*. *(RAAstudillo)*

# MGA BALITA





*Mga larawan ng iba't ibang pagsasanay na isinagawa ng Extension Services*

## SPRINT, nagsagawa...

*mula sa p. 9*

ang MAWCO ay gumagawa ng asukal mula sa katas ng organikong tubo, ang "Muscovado Sugar de Magallanes" na may *medium glycemic index*.

Itinuro ni For. Junser P. Magpantay, guro ng Department of Forestry and Environmental Science (DFES) ng CAFENR, ang mga katangian ng kaong at ang kahalagahang ekolohikal at pang-ekonomiko nito. Nagkaroon din ng aktwal na pagkuha ng katas ng kaong na isinagawa ni G. Joel M. Astudillo, manggagawa sa SPRINT. Binigyan din sila ng pagkakataon na mabisita ang gawaan ng Severino's Kaong Vinegar at pahapyaw na ipinaliwanag ang paraan ng paggawa nito. (*JLBHerrera*)

UGNAYAN

**Tagapamahalang Patnugot**
Lady Aileen A. Orsal

**Katulong na Patnugot**
Melinda B. Eugenio

**Mga Kontribyutor**
Lorna C. Matel
Razelle A. Astudillo
Paula Gie C. Ducusin
Bernadette S. Amparo
Joselito F. Ersando
Dickson N. Dimero
Zarah Jane R. Centeno
Jhon Laurence B. Herrera

**Mga Editoryal Konsultant**
Dr. Ma. Fatima I. Cruzada
Dr. Ruel M. Mojica
Dr. Hernando D. Robles

Opisinang Pang- editoryal
***Knowledge Management Center***
*5th Flr. Ladislao Diwa Library and Museum Bldg.*
Cavite State University
Indang, Cavite
Telepono ☏ (046) 4150212